

Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 2

Ang Diwa ng Tao

“23 At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo.” (1 Tesalonica 5:23)

Ayon sa **1 Tesalonica 5:23**, ang ikatlong bahagi ng tao ay ang ‘espiritu’. Ang Salitang ‘espiritu’ ay inuulit nang mahigit 500 sa Kasulatan. Ang espiritu ay naiiba sa kaluluwa. Ang espiritu ay isang bagay na nauugnay sa hindi nakikita at ang hindi nakikitang sanglibutan. Ang Kasulatan na ating pag aaralam at magbibigay sa atin ng higit na kamalayan tungkol sa ikatlong bahaging ito ng tao.

Sa Lumang Tipan ang salita na ginamit para sa salitang ‘espiritu’, ay kaugnay sa ating paksa ay ‘Ruwach’, at ito ay may sumusunod na posibleng mga kahulugan: Hangin, hininga, isip, kaluluwa, espiritu ng langit, hininga ng hangin, hangin, gas, espiritu ng hula, espiritu ng Dios, Espiritu ng Dios, ang ikatlong persona na Dios, ang Banal na Espiritu na katumbas at kawalang hanggan sa Ama, sa Anak, o nakikita sa kaluwalhatian ng Shekinah. Ang sumusunod ay ang mga halimbawa mula sa Banal na Kasulatan:

“At ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman; at ang Espiritu ng Dios ay sumasa ibabaw ng tubig.” (Genesis 1:2) Ang Espiritu dito ay para sa Banal na Espiritu. **“At sinabi ng Panginoon, Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man, sapagka’t siya ma’y laman: gayon ma’y magiging isang daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw.” (Genesis 6:3)** Ang katulad dito, ang Espiritu ng Dios ay para sa Banal na Espiritu.

“At nangyari, sa kinaumagahan, na ang kaniyang diwa ay nagulumihanan at siya’y nagsugo at kaniyang ipinatawag ang lahat ng mago sa Egipto, at ang lahat ng pantas doon: at isinaysay ni Faraon sa kanila ang kaniyang panaginip: datapuwa’t walang makapagpaliwanag kay Faraon.” (Genesis 41:18) Ang diwa dito ay para sa espiritu ng tao. Ang espiritu ni Faraon ay nagulumihanan ng isang panaginip mula sa Dios. Inaabot tayo ng Dios sa tiyak na panahon sa pamamagitan ng mga panaginip. Walang nakatala sa Biblia ang tungkol sa mga panaginip na hindi nanggaling sa Dios. *Kapag ang iyong espiritu ay nagulumihanan sa tiyak na panaginip ito ay maaring may sinasabi ang Dios ng tiyak ng mga bagay at iyon ang kailangan mong malaman.*

“At sinabi ni Faraon sa kaniyang mga lingkod, Makakasumpong kaya tayo ng isang gaya nito, na taong kinakasihan ng espiritu ng Dios?” (Genesis 41:38) Narito ang espiritu ay ang Banal na Espiritu ng Dios na nananahan sa tao, at dito ay nananahan kay Jose nang magpakita siya ng katalinuhan at karunungan na hindi maaring dumating, kundi mula lamang sa Dios, nang ipinaliwanag niya sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios ang panaginip ni Faraon at ibinigay sa kanya ang kalutasan para sa paparating na taggutom. *Kung ikaw ay namumuhay para sa Dios at sinusunod Siya, ibibigay Niya ang Espiritu ng Dios na mananahan sa iyo upang ikaw aty magkaroon ng karunungan ng Dios at magkaroon ng mabuting pagpapasya upang ipaliwanag ang mga bagay at sabihin ang mga bagay na nais sa iyo na salitan ng Dios.*

“At kanilang isinaysay sa kaniya ang lahat ng salita ni Jose, na kaniyang sinabi sa kanila: nang kaniyang makita ang mga karitong ipinadala ni Jose upang dalhin sa kaniya, ay nagsauli ang diwa ni Jacob na kanilang ama.” (Genesis 45:27) Dito nasauli ang diwa ni Jacob pagkatapos niyang madinig ang mabuting balita tungkol kay Jose. Ang espiritu dito ay ang **‘ang diwa ni Jacob’**, ay maaring sumalamin sa kaluluwa ng tao at ng kanyang damdamin bilang narinig ang mabuting balita. *Sanayin ang iyong sarili na makinig sa mabubuting bagay, gaya ng Salita ng Dios, upang ang iyong diwa ay manumbalik muli at magawa mong matustusan sa pangigipit, pagkabahala at ang pagkabalisa sa buhay.*

“At sinalitang gayon ni Moises sa mga anak ni Israel; datapuwa’t hindi sila nakinig kay Moises, dahil sa yamot ng espiritu, at dahil sa mabagsik na pagkaalipin.” (Exodu 6:9) Dito inilarawan ang espiritu ng tao, ang espiritu sa loob ng mga Israelita ana nabagabag sa malupit na pagkaalipin at paulit ulit at pangmatagalang kaguluhan na kanilang natanggap mula kay Faraon. Ito dito ay maaaring pagnilayan ng espiritu ang kaluluwa ng tao at ang damdamin nito at kung ano ang mga kadalambahatiang pinagdaanan dahil sa mga pagsubok sa buhay. Ipinadala ng Panginoon si Moises upang ibigay sa kanila ang mabuting balitana ililigtas sila ng Panginoon mula sa pagkaalipin na sila’y napapaloob. Ngunit patuloy pa ring silang nahihirapang maniwala dahil ang sakit na kanilang pinagdadaanan ay nagdulot sa kanila ng galit at mapait na damdamin dahil sa kalupitan ng pagkaalipin ng Faraon. *Sa parehong paraan ipinadala ng Dios si Jesus sa atin upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan at mula sa kamatayan, kaya kailangan nating madinig at makinig sa mabuting balita ni Jesus at pakainin ang ating sarili ng Salita ng Dios upang ang ating espiritu ay matustusan at magawang manindigan sa pighati ng buhay at ng ministerio.*

Nang tinanong ng Dios si Moises upang ipahayag sa mga Israelita na dalhin ang mga materyales upang alalayan ang pagtatayo ng tabernakulo, ang kaban ng tipan at ang lahat ng ito ay kagamitan, sila'y lumapit nang may pagkukusa ng sariling diwa na pinukaw ng Dios, ***“At sila'y lumapit, lahat ng tao na napukaw ang kalooban, at lahat na pinapagkusa ng sariling diwa, at nagdala ng panghandog sa Panginoon, sa gawain sa tabernakulo ng kapisanan, at sa buong ipaglilingkod at sa mga banal na kasuutan.” (Exodu 35:21)*** Dito ang espiritu ay ang diwa ng tao na pinukaw sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios nang kanilang narinig ang mensahe ng Salita ng Dios sa kanila. ***Kaya naman ito ay mahalaga na madinig, basahin at iparanggal ang Kasulatan upang pukawin ang diwa ng tao upang sumunod sa Dios at lumapit at ibigay ang nararapat sa Kanya, upang gawin ang Kanyang kalooban at kamitin ang kinakailangang mga takdang gawain:*** Sinabi ni Jesus ***“Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman.” (Mateo 26:41 KJV)***

“At kaniyang pinuspos siya ng Espiritu ng Dios, tungkol sa karunungan, sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa lahat ng sarisaring gawain;” (Exodu 35:31 KJV) Dito pinuspos ng Dios si Bezaleel ang anak ni Uri, ang anak ni Hur, sa lipi ni Juda ***“ng Espiritu ng Dios”*** upang tulungan ang gawain ng kaban, ***“32 At upang kumatha ng mga gawang kaayaaya, na gumawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, 33 At sa pagputol ng mga batong pangkalupkop, at sa pagukit sa kahoy, na gumawa sa lahat ng sarisaring mainnam na gawa. 34 At isinapuso niya ang katalinuhan, na siya'y makapagturo, siya at gayon din si Aholiab, na anak ni Ahisamac, sa lipi ni Dan. 35 Sila'y kaniyang pinuspos ng karunungan sa puso upang gumawa ng lahat na sarisaring gawa, ng taga-ukit, at tagakatha, at ng mangbuburda sa kayong bughaw, at sa kulay-ube, sa pula, at sa lino, at ng manghahabi, ng mga gumagawa ng anomang gawain, at ng mga kumakatha ng mainnam na gawa.” (Exodu 35:32-35)*** ***Ang espiritu dito ay ang Espiritu ng Dios. Ang Banal na Espiritu ng Dios ay nagbibigay sa Kanyang simbahan ng mga talento at kasanayan upang hayaan ang Kanyang Salita ay maisakatuparan at maipatupad ng may kasipagan at katumpakan sa anumang nais gawin ng Dios sa kalagitaan ng Kanyang bayan.***

“Huwag ninyong babalikan ang mga inaalihan ng masasamang espiritu ni ang mga mangkukulam: huwag ninyong hanapin na magpakahawa sa kanila: ako ang Panginoon ninyong Dios.” (Levitico 19:31 KJV) Ang Hebrew salita para sa 'espiritu' dito ay 'owb', na nangangahulugang espiritu, espiritu ng isang namatay, isang mangkukulam, isang taong gumigising sa patay, o ang pagsasagawa ng pangkukulam. Ang mga mangkukulam ay diumano ang pagsasanay ng pakikipag usap sa mga patay, lalo na upang mahulaan ang hinaharap. Ito ang masamang espiritu, at gawain ni Satanas at ng mga demonyo ang lahat ng gawain nito sa pangkukulam, itim na mahika, atbp. ***“6 At ang taong magbalik sa inaalihan ng masamang espiritu at sa mga mangkukulam, upang manalig sa mga yaon ay itititig ko ang aking mukha laban sa taong yaon, at ihihiwalay ko siya sa kaniyang bayan. 27 Ang isang lalake rin naman o kaya'y ang isang babae na inaalihan ng masamang espiritu, o mangkukulam, ay papatayin na walang pagsala, sila'y babatuhin ng mga bato: mabububo ang kanilang dugo sa kanila.” (Levitico 20:6, 27 KJV)***

“At ang diwa ng paninibugho ay sasakaniya, at siya'y maninibugho sa kaniyang asawa at siya'y madudumhan: o kung sasakaniya ang diwa ng paninibugho at siya'y maninibugho sa kaniyang asawa, at ito'y hindi madudumhan:” (Bilang 5:14 KJV) Ang diwang ito ng paninibugho ay maaring ito ay mula sa Dios ang Banal na Espiritu upang ilantad ang kasalanan, o ito'y maaring diwa ng tao ng paninibugho na pinukaw ng kanyang likas na makasalanan. Sa parehong kalagayan ang asawang babae ay dadalhin sa seserdote na hahayaang inumin niya ang tubig na may sumpa, at sa gayon pagkatapos ihahayag ng Panginoon, kung siya ay mamatay, dahil siya ay hindi tapat, o kung siya'y mabubuhay at magdalang tao kung hindi siya nagkasala laban sa kanyang asawa. ***Kaya ang pangangalunya ay tunay na nilalabanan ng Dios. Kung sila'y mahuli sila'y pagbabatuhin, at kung hindi, pupukawin ng Diyos ang diwa ng tao at itataboy siya sa pamamagitan ng paninibugho upang dalhin ang asawa sa pari, na siya ay mamamatay sa pamamagitan ng mapait na tubig.***

“At ako'y bababa at makikipag-usap sa iyo doon; at ako'y kukuha sa Espiritung sumasaiyo at aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing magisa.” (Bilang 11:17 KJV) Ang Espiritu dito ay ang Espiritu ng Dios, na ipapahintulot ng Dios na maibahagi sa ibang matatanda kasama ni Moises upang tulungan siya sa kanyang pamumuno sa kapisanan ng Dios. ***Dapat nating ipanalangin sa Dios na puspusin ang iba ng Espiritu ng Dios upang sila'y maglingkod sa Dios kasama natin.***

“Kundi ang aking lingkod na si Caleb, sapagka't siya'y nagtaglay ng ibang diwa at siya'y sumunod na lubos sa akin, ay aking dadalhin siya sa lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ng kaniyang lahi.” (Bilang 14:24 KJV) Ito ang diwa ng tao na mayroon si Caleb at nakaugnay sa espiritu ng Dios na tumulong sa kanya upang sundin ang Dios ng buong puso at handang sumunod sa Kanya. ***Sikapin na magkaroon ng katulad na gayong espiritu na ikaw ay susunod sa Dios ng buong puso at handang sumunod sa Kanya.***

“At sila'y nagpatirapa, at nagsabi, Oh Dios, na Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, sa pagkakasala ba ng isang tao ay magagalit ka sa buong kapisanan?” (Bilang 16:22 KJV) Si Moises at Aaron ay nanalangin sa

Dios nang si Korah ay naghimagsik laban sa kanila. Tinawag nila ang Panginoon, ***na Dios ng mga diwa ng lahat ng laman,***”.

Muli tinawag ni Moises ang Dios sa parehong titulo, ***“na Dios ng mga diwa ng lahat ng laman,”*** nang hiniling niya sa kanya na maghalal ng isang taong mangunguna sa kapisanan pagkatapos ng kanyang pagkamatay, ***“Maghalal ang Panginoon, ang Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, ng isang lalake sa kapisanan.”*** (Bilang 27:16 KJV)

“Nguni't ayaw tayong paraanin ni Sehon na hari sa Hesbon sa lupa niya; sapagka't pinapagmatigas ng Panginoon mong Dios ang kaniyang diwa, at pinapagmatigas ang kaniyang puso, upang maibigay siya sa iyong kamay gaya sa araw na ito.” (Deuteronio 2:30 KJV) Dito ang espiritu ay ang diwa ng tao, na sinadyang nagkakasala laban sa Dios, matigas ang ulo, na ang diwa ay laban sa espiritu ng Dios. Ito din ay sumasalamin sa moral na pag uugali at sa pasya ng kanyang isip. ***Huwag maging matigas ang ulo at suwail, palambutin ang iyong puso at at maging handang magpasakop sa Diyos upang gawin ang kanyang kalooban at sumunod sa Kanyang plano.***

“At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya;” (Bilang 27:18 KJV) Dito ang espiritu ni Josue ay sumang ayon na naayon sa Espiritu ng Dios, at ipinatong ni Moises ang kanyang kamay sa kanya. ***Sa parehong paraan, tinawag tayo ng Dios upang gumawa at paglingkura Siya kasama ng mga tao na mayroong espiritu ng Dios na nasa kanila at ang kanilang espiritu ay sumasang ayon sa Dios.***

“At sumagot si Ana, at nagsabi, Hindi, panginoon ko, ako'y isang babae na may diwang mapanglaw: hindi ako nakainom ng alak o inuming nakalalasing, kundi aking inihayag ang aking kaluluwa sa harap ng Panginoon.” (1 Samuel 1:15 KJV) Si Ana, ay nagdadalamhati at nabibigatang tao, ang kanyang diwa ay nalulumbay at nalulungkot, pinagbubulayan ang pinagdadaan ng kanyang kaluluwa. Sa tiyak na panahon ang Espiritu ay maaring gamitin ang salita ng espiritu upang ilarawan ang katayuan ng kaluluwa ng taong iyon.

“Nguni't Espiritu nga ng Panginoon ay humiwalay kay Saul, at isang masamang espiritu na mula sa Panginoon ay bumagabag sa kaniya.” (1 Samuel 16:14 KJV) Ang Espiritu ng Dios ay humiwalay mula kay Haring Saul at ang espiritu ng masama ay ipinadala ng Dios upang pahirapan siya. ***Dapat tayong makinig at kumilos at lumakad kasama ng Dios, huwag dapat nating pighatiin ang Banal na Espiritu na itinatak sa atin, “30 At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.”*** (Epeso 4:30 KJV)

“At ang pagkain sa kaniyang dulang, at ang pagkaayos ng kaniyang mga alila, at ang tayo ng kaniyang mga tagapangasiwa, at ang kanilang mga pananamit, at ang kaniyang mga tagahawak ng saro, at ang kaniyang sampahan na kaniyang sinasampahan sa bahay ng Panginoon; ay nawalan siya ng diwa.” (1 Hari 10:5 KJV) Ang reyna ng Sheba ay namangha sa kanyang nakita sa palasyo ni Solomon; ang kalagayan ay umabot na ang kanyang diwa ay nagpakumbaba sa pagtugon sa kanyang nakita. Ang espiritu dito ay higit na tungkol sa kaisipan at sa saloobin ng tao. ***Hindi dapat tayong maakit at makakuha ng pagkawala kapag nakakita tayo ng materyal na mga bagay, dahil ang lahat ng mga ito ay lumilipas at nasisirang mga bagay. “18 Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagka't ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwa't ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan.”*** (2 Corinto 4:18 KJV)

“Nguni't si Jezabel na kaniyang asawa ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Bakit ang iyong diwa ay totoong malungkot na hindi ka kumakain ng tinapay?” (1 Hari 21:5 KJV) Nangangahulugan dito sa pamamagitan ng espiritu ay ang malungkot na damdamin ni Ahab ay kaugnay sa panlabas na pangyayari na nagpalungkot sa kanya dahil sa pagtangga ni Naboth na ibigay ang kanyang ubasan.

“Ngayon nga, narito, inilagay ng Panginoon ang magdarayang espiritu sa bibig ng lahat ng iyong mga propetang ito: at ang Panginoon ay nagsalita ng kasamaan tungkol sa iyo.” (1 Hari 22:23 KJV) Ang mandarayang espiritung ito ay masamang espiritu na ipinahintulot ng Dios upang mapasa bibig ng mga bulaang mga propeta ni Haring Ahab upang linlangin siya, dahil siya ay masama at hindi handang makinig sa Dios, kaya ipinahintulot ng Dios ang mandarayang espiritu upang mapasapaligid niya upang siya ay akayin ng mga ito na gumawa ng maling pasya. ***Kapag ikaw ay tumanggap makinig sa Dios at sa taong makaDios sa gayon ang maiiwan sa paligid mo ay masasamang tao na tiyak na magliligaw sa iyo ng maling mga bilin at payo.***

“At inudyukan ng Panginoon laban kay Joram ang diwa ng mga Filisteo, at ng mga taga Arabia na nangasa siping ng mga taga Etiopia:” (2 Cronica 21:16 KJV) Dito inudyukan ng Panginoon ang diwa ng mga Filisteo upang gumawa ng pasya na laban kay Haring Joram, dahil sa kanyang kasalanan laban sa Dios. ***Ito ay kung paanong tayo ay pahhirapan ng Dios at ipapadala sa atin ang mga kaaway kapag tayo'y sumuway sa Kanya.***

“Sa unang taon nga ni Ciro na hari sa Persia, upang ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng bibig ni Jeremias ay maganap, kinilos ng Panginoon ang diwa ni Ciro na hari sa Persia, na siya’y nagtanyag sa kaniyang buong kaharian, at isinulat din naman, na sinasabi” (2 Cronica 36:22 KJV) Ang katulad dito pinukaw ng Panginoon ang diwa ni Haring Ciro upang pasulungin ang mga Judio na sila’y makakakilos at magsiahong itayong muli ang bahay ng Dios. **“Nang magkagayo’y nagsibangon ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng Juda at Benjamin, at ang mga saserdote, at ang mga Levita, sa makatuwid baga’y lahat na ang diwa’y kinilos ng Dios na magsiahong itayo ang bahay ng Panginoon na nasa Jerusalem.” (Ezra 1:5 KJV)** **Sa parehong paraan pupukawin ng Dios ang diwa ng ilang mga tao upang tulungan tayo na matupad kung anong nais ipatupad sa pamamagitan ng ating buhay. Mangangaral 12:7** ay sinasabi sa atin ang diwa ng tao ay nilalang na nakahiwalay mula sa katawan: **“At ang alabok ay mauwi sa lupa gaya ng una, at ang diwa ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kaniya.” (Mangangaral 12:7 KJV)** Ang diwa ng tao ay isang pang pamantayan mula sa kaluluwa ng tao gaya ng sinalita natin nung una. Ang kaluluwa ng tao kapag humiwalay alinmang pumunta sa impierno o sa langit, ngunit dito ang diwa ng tao ay babalik sa Dios na nagbigay nito. **“Sinong nakakaalam ng diwa ng tao kung napaiilanglang, at ng diwa ng hayop kung napaiibaba sa lupa?” (Mangangaral 3:21 KJV)**

“1 Nang magkagayo’y sumagot si Eliphaz na Temanita, at nagsabi, 2 Kung tikman ng isa na makipagusap sa iyo, ikabalalisa mo ba? Nguni’t sinong makapipigil ng pagsasalita? 3 Narito, ikaw ay nagturo sa marami, at iyong pinalakas ang mahinang mga kamay. 4 Ang iyong mga salita ay nagsialalay sa nangabubuwal, at iyong pinalakas ang mahinang mga tuhod. 5 Nguni’t ngayo’y dinaratnan ka ng kasamaan, at ikaw ay nanglulupaypay; ginagalaw ka, at ikaw ay nababagabag. 6 Hindi ba ang iyong takot sa Dios ay ang iyong tiwala, at ang iyong pagasa ay ang pagtatapat ng iyong mga lakad? 7 Iyong alalahanin, isinasamo ko sa iyo, kung sino ang namatay, na walang malay? O saan nangahiwalay ang mga matuwid? 8 Ayon sa aking pagkakita yaong nagsisipagararo ng kasamaan, at nangagahasik ng kabagabagan ay gayon din ang inaani. 9 Sa hinga ng Dios sila’y nangamatay, at sa bugso ng kaniyang galit sila’y nangalilipol. 10 Ang ungal ng leon, at ang tinig ng mabangis na leon, at ang mga ngipin ng mga batang leon, ay nangabali. 11 Ang matandang leon ay namamatay dahil sa kawalan ng huli, at ang mga batang leong babae ay nagsisipangalat. 12 Ngayo’y nadalang lihim sa akin ang isang bagay, at ang aking pakinig ay nakakaulinig ng bulong niyaon. 13 Sa mga paguusip na mula sa mga pangitain sa gabi, pagka ang mahimbing na tulog ay nahuhulog sa mga tao, 14 Takot ay dumating sa akin, at panginginig, na nagpapanginig ng lahat ng aking mga buto. 15 Nang magkagayo’y dumaan ang isang espiritu sa aking mukha. Ang balahibo ng aking balat ay nanindig. 16 Tumayong nakatigil, nguni’t hindi ko mawari ang anyo niyaon; isang anyo ang nasa harap ng aking mga mata: tahimik, at ako’y nakarinig ng tinig, na nagsasabi. 17 Magiging ganap pa ba ang taong may kamatayan kay sa Dios? Lilinis pa ba kaya ang tao kay sa Maylalang sa kaniya?” (Job 4:1-17 KJV) Narito si Eliphaz na Temanita ay binanggit ang kanyang karanasan tungkol sa pagkilos ng diwa, at malamang ay ang Banal na Espiritu, nang sinabi niya, **“15 Nang magkagayo’y dumaan ang isang espiritu sa aking mukha. Ang balahibo ng aking balat ay nanindig.” (Job 4:15 KJV)** Ito ay maaring ang espiritu ng Dios, o maaring isang espirtu ng anghel na dumaan sa kanya Ang ilan ay inilalarawan ang parehong karanasan nang ang kanilang mga buhok sa kanilang katawan ay nanindig inilalarawan ang pagkilos ng Banal na Espiritu.

Sinabi ni Elihu, **“Nguni’t may espiritu sa tao, at ang hinga ng Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay sa kanila ng unawa.” (Job 32:8 KJV)** Kaya dito sinasabi ng Kasulatan na mayroong espiritu ng tao at ang espirtung iyon ay nakakatanggap ng unawa mula sa Makapangyarihan, **“Sapagka’t ako’y puspos ng mga salita; ang diwa na sumasalob ko ay pumipigil sa akin” (Job 32:18 KJV)** Kaya dito inilalarawan din ni Elihu na ang espiritu nasa loob niya ay pumipigil sa kanya o nagkokontrol sa kanya; Ang espiritu ng tao na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu ng Dios ay pumipigil sa kanya, at siya ay inakay nito, Sinabi pa niya at kinikilala, ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa kanya at sa kanya, **“Nilalang ako ng Espiritu ng Dios, at ang hinga ng Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay sa akin ng buhay.” (Job 33:4 KJV)**

Sa aking mahal at minamahal: Sa aklat ng Awit mababasa natin, **“Mapalad ang tao na hindi paratangan ng kasamaan ng Panginoon, at walang pagdaraya ang diwa niya.” (Awit 32:2 KJV)** Ang diwa ng tao kapag siya’y nasa buong pagpapasakop sa Dios ito ay walang pandaraya, o kapaitan o kasamaan o katiwalaian. **“Sa iyong kamay ay inihabalin ko ang aking diwa; iyong tinubos ako, Oh Panginoon, ikaw na Dios ng katotohanan.” (Awit 31:5 KJV)**

Si Jesus bago siya namatay sa krus humiyaw siya ito ang dalangin sa Dios, **“At si Jesus, na sumigaw ng malakas na tinig, ay nagsabi, Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espirtu: at pagkasabi nito, ay nalagot ang hininga.” (Lucas 23:46 KJV)** Ating ipangako ang ating buhay, ang ating katawan at kaluluwa at espirtu sa Dios at patuloy na ipamuhay ang ating buhay para sa kanya, mamumuhay sa Kanyang mga plano para sa atin at kamitin ang Kanyang kalooban. Lubos tayong magpasakop sa Dios, walang pandaraya, walang kapaitan at kasamaan.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na naglinis sa akin mula sa mga kasalanan at kamunduhan, kalungkutan, kapighatian, at ginawa ang mga bagay na malinaw sa akin at nagawa kong maunawaan ang iyong mga daan at kung anong nais mong malaman ko sa panahong ito ng aking buhay.

Ating ipahayag at talikdan ang ating mga kasalanan, Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan _____

Panginoon ipinangako ko ang aking buhay sa iyong kamay sa anumang plano at layunin na mayroon ka sa akin. Panginoon aliwin mo ako at panumbalikin ang aking kaluluwa at bigyan ako ng kalakasan na magtiis sa daan na nais mong pagdaanan ko sa mga pagsubok na aking pinagdadaanan. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang aking pangangailangan.

Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na magkaroon ng higit na bunga ng Banal na Espiritu na makita ng mga tao si Jesus sa kanilang buhay, at ibigay sa kanila ang Espirituwal na mga kaloob upang sila'y makaparoon at mag evangelio at abutin ang nawawala. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming abutin ang bagong mga tao at magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang iyong pananaw sa iyong simbahan. "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios". Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan. Ang Diwa ng Tao Yugto 2. 1 Tesalonica 5:23. Genesis 1:2. Genesis 6:3. Genesis 41:8. Genesis 41:38. Genesis 45:27. Exodo 6:9. Exodo 35:21. Mateo 26:41. Exodo 35:31. Exodo 35:32-35. Levitico 19:31. Levitico 20:6, 27. Mga Bilang 5:14. Mga Bilang 11:17. Mga Bilang 14:24. Mga Bilang 16:22. Mga Bilang 27:16. Deuteronomio 2:30. Mga Bilang 27:18. 1 Samuel 1:15. 1 Samuel 16:14. Efeso 4:30. 1 Hari 10:5. 2 Corinto 4:18. 1 Hari 21:5. 1 Hari 22:23. 2 Cronica 21:16. 2 Cronica 36:22. Ezra 1:5. Mangangaral 12:7. Mangangaral 3:21. Job 4:1-17. Job 32:8. Job 32:18. Job 33:4. Awit 32:2. Awit 31:5. Lucas 23:46.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com